



# PeaceHealth

## **Ligtas ang iyong kalusugan sa amin.**

Naantala ang pangangalaga para sa maraming tao dahil sa pandemya ng COVID-19. Hindi makakapaghintay ang iyong kalusugan. Ang PeaceHealth ay ligtas, bukas, at handa na mag-alaga para sa komunidad.

## **Pagpapanatiling Ligtas Ka**

Nananatiling nakatuon ang PeaceHealth sa pagbibigay ng pangangalagang inaasahan ng aming mga pasyente. May ilang hakbang kaming isinagawa sa lahat ng mga medikal na sentro at klinika para panatilihin kang ligtas kapag bumisita ka.

- Mga Pagsusuri ng Temperatura: Pagdating sa anumang lokasyon ng PeaceHealth, susuriin ang temperatura ng lahat. Ang sinumang may mataas na temperatura ay iuugnay sa naaangkop na pangangalaga.
- Mga Pantakip sa Mukha: Inaatasan ang lahat ng mga pasyente at bisita na magsuot ng mask o telang pantakip sa mukha sa bawat gusali ng PeaceHealth. Hinihiling naming magdala ka ng para sa sarili mo, ngunit magbibigay ng isa kung kinakailangan.
- Paglayo sa Kapwa: Sa lahat ng aming mga pasilidad, asahang makakita ng mga bagong palatandaan pati na rin ng mga upuang may malaking agwat sa isa't isa at iba pang mga paraan para suportahan ang ligtas na paglayo sa kapwa.
- Pagsusuri para sa COVID-19: Ang bawat pasyenteng ipinapasok sa ospital o sumasailalim sa operasyon o invasive na procedure ay sinusuri para sa COVID-19. Kung magpapatilingin ka sa isa sa aming mga klinika at sa tingin ng doktor ay kailangan mo ng pagsusuri para sa COVID-19, tatanggap ka ng pagsusuri para dito.
- Mga Paghihigpit sa Bisita: Mayroong mga paghihigpit sa bisita sa lahat ng aming mga pasilidad. Mangyaring tanungin sa iyong provider o maagang tumawag sa pasilidad para tukuyin ang anumang mga patnubay para sa iyong sitwasyon.
- Paggamit ng PPE: Inaatasan ang lahat ng mga tagapangalaga ng PeaceHealth na magsuot ng mga mask, at nagsusuot ang mga nasa lugar ng pangangalaga sa pasyente ng karagdagang personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment, PPE).

- Mga Nakatalagang Tauhan at Mga Yunit: Ang mga pasyenteng may COVID-19 o mga sintomas nito ay ginagamot ng mga nakatalagang tauhan sa mga nakabukod na yunit nang may mga pinaigting na hakbang sa pag-iwas sa impeksiyon.
- Mga Nilinisang Gamit at Ibabaw: Sa lahat ng mga lugar, patuloy na tinitiyak ng aming mga pangkat sa mga serbisyong pangkapaligiran na nililinis ang mga gamit at ibabaw ayon sa mahihigpit na medikal na pamantayan ng PeaceHealth.

## **Mag-iskedyul ng Pagbisita**

Mayroon kaming mga pagpipilian para sa pangangalagang kailangan mo, at ligtas ang iyong kalusugan sa amin.

Para mag-iskedyul ng appointment, maaari kang:

- Gumawa ng appointment online, para sa pagpapatingin sa pamamagitan ng video o nang personal sa isang provider na dati ka nang natingnan bago mo gamitin ang My PeaceHealth ([mypeacehealth.org](https://mypeacehealth.org)).
- Tawagan ang iyong doktor o lokal na klinika para makipag-usap sa tauhang tumutulong sa pag-iiskedyul.
- Para sa impormasyon sa paggamit ng isang interpreter sa iyong pagpapatingin, magtanong sa iyong provider.

## **Mga Operasyon at Procedure**

Kasalukuyang ibinabalik ng PeaceHealth ang mga proseso para magbigay ng kinakailangang pangangalaga para sa aming mga pasyente. Nagsasagawa kami ng mga operasyon at procedure alinsunod sa paggabay ng mga gobernador ng Alaska, Washington, at Oregon.

## **Impormasyon sa Pagsusuri para sa COVID-19**

Pagsusuri para sa COVID-19

Kasalukuyang sinusuri ng PeaceHealth para sa aktibong impeksiyon ng COVID-19 ang lahat ng mga pasyenteng ipinasok sa ospital, anuman ang mga sintomas.

Awtomatikong nakikipag-ugnayan sa lahat ng mga pasyenteng sasailalim sa procedure sa aming mga pasilidad ng PeaceHealth para sila ay masuri para sa COVID-19 bago ang kanilang procedure. Nag-aalok din kami ng pagsusuri sa aming mga klinika at lokasyon ng agarang pangangalaga ng PeaceHealth Medical Group para sa mga taong may mga sintomas o alalahanin tungkol sa aktibong impeksiyon ng COVID-19. Dapat na may paunang awtorisahan ng isang doktor ang mga pagsusuri.

### Pagsusuri para sa Antibody

Nag-aalok ang PeaceHealth ng pagsusuri ng antibody para sa COVID-19 sa mga pasyente sa pamamagitan ng PeaceHealth Medical Group pagkatapos ng pagbisita sa isang provider. Tinatawag ding pagsusuri ng serology, tinitingnan ng pagsusuri ng antibody para sa COVID-19 kung tumugon ang iyong immune system sa isang impeksiyon. Mahalagang malaman na kahit na gumawa ang katawan ng mga antibody laban sa virus, hindi pa napapatunayan kung malalabanan ng mga antibody na ito ang mga impeksiyon ng virus na COVID-19 sa hinaharap, at kung gaano katagal kung sakaling magagawa man ito ng mga iyon. Samakatwid, mahalagang patuloy na sundin ang lahat ng mga hakbang sa pag-iwas gaya ng pagsuot ng mask, paghuhugas ng mga kamay, at paglayo sa kapwa kahit na may positibong resulta ka.

### **Mga Karagdagang Mapagkukunan**

Kung nais mo ng higit pang impormasyon tungkol sa COVID-19, mangyaring bumisita sa [www.cdc.gov](http://www.cdc.gov).